Pangalan: ___________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Kuwentong-bayan, Akdang Pampanitikan ng Mindanao**

Basahin at unawain ang kuwentong-bayan.

Si Pilandok at ang Batingaw

(Maranao)

salin ni Bernie Santos

Isang araw, dahil gutom na ang pamilya ni Pilandok, iniwan niya ang kaniyang mga magulang upang maghanap ng pagkain. Naglakad siya nang naglakad subalit wala siyangmakuhang ipakakain sa kaniyang pamilya, hanggang sa sobrang pagod niya ay hindi na niya maigalaw ang kaniyang mga paa. Nagpasiya si Pilandok na magpahinga muna at umupo sa ilalim ng isang puno na may bahay-pukyutan. Ipininid niya ang kaniyang mga mata.

'Di naglaon, dumaan ang naglalakbay na si Somusun sa Alongan na nakasakay sa isang magandang kabayo. Marami siyang dalang mga bagay-bagay na nakuha niya sa mga bayang dinalaw niya: may ginto, diyamante, at iba pang mamahaling bato at gamit. Nang nakita niya si Pilandok na nakaupo sa ilalim ng puno, ginising at tinanong ni Somusun sa Alongan, "Ano ang ginagawa mo sa ilalim ng punong iyan?"

"Ha? A, binabantayan ko po ang maharlikang gamit ng Sultan," sagot ni Pilandok na naalimpungatan pa lamang.

Tanong ni Somusun sa Alongan, "Anong uri ng maharlikang gamit ang binabantayan mo?"

"Isang maharlikang batingaw," sagot ni Pilandok.

"Maaari ko bang patunugin?" tanong ni Somusun sa Alongan.

"Hindi, hindi," sagot ni Pilandok. "Parang ibinibigay ko na rin sa kamatayan ang buhay ko kapag pinayagan kitang gawin iyon. Ang mga kamag-anak lamang ng Sultan ang maaaring magpatunog ng batingaw na ito."

Natigilan si Somusun sa Alongan sa sagot ni Pilandok. Lalo lamang itong nagtaka at naakit na patunugin ang inakala niyang batingaw at pakinggan ang itinatagong tunog nito.

"Ako'y maharlika rin," ang sabi ni Somusun sa Alongan kay Pilandok. "Ako ang anak ng Sultan sa Agama Niyog. Bibigyan kita ng isang sakong ginto kung pababayaan mo akong patunugin ko ang batingaw na iyan."

Tumigil sandali si Pilandok, nag-isip-isip at tumugon, "Tatanggapin ko iyan kung pababayaan mo muna akong makaalis bago mo patunugin ang batingaw. Kailangan kong makatakas sa nagpupuyos na galit ng Sultan."

"Sige," sabi ni Somusun sa Alongan. Ibinigay niya kay Pilandok ang isang sakong ginto. Nagtatatakbo paalis si Pilandok.

Nang makita ni Somusun sa Alongan na wala na si Pilandok, kumuha siya ng kapirasong kahoy at malakas niyang hinampas ang bahay-pukyutan.

Nabiyak ang bahay-pukyutan. Naglabasan dito ang galit na galit na mga bubuyog at sinugod si Somusun sa Alongan. Pinagkakagat nila si Somusun sa Alongan hanggang sa mawalan ito ng malay. Sa kabutihang palad, may dumating na ilang mandirigma at nakita ang sugatang Somusun sa Alongan. Dinala siya sa Sultan at isang linggo siyang doo'y ginamot.

I. Panuto: Punan ng wastong kasagutan ang talahanayan. Ilahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang akda gamit ang *story map*.

| **Si Pilandok at ang Batingaw** | |
|---|---|
| **Mga Tauhan** | |
| **Tagpuan** | |
| **Mga Pangyayari** | **Panimula:** |
| | **Gitna:** |
| | **Wakas:** |

**II. Panuto:** Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang mga pahayag tungkol sa kuwentong-bayan at **M** naman kung mali.

_______ 1. Ang kuwentong-bayan ay kathang-isip na kuwento o salaysay na nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon.
_______ 2. Masasalamin sa kuwentong-bayan ang tradisyon at kaugalian ng pook.
_______ 3. Ang pabula ay halimbawa ng kuwentong-bayan na ang mga tauhang gumaganap ay mga hayop.
_______ 4. Napanatili ng kuwentong-bayan ang mga tradisyon at pamumuhay ng mga tao noong unang panahon.
_______ 5. Pinapaksa ng kuwentong-bayan ang mga pangyayari ngayong pandemya.